# Impormasyon tungkol sa pagsusuri ng HIV at Iba pang STI

Version 2026

(Impormasyon sa Website ng Lungsod ng Osaka tungkol sa mga Pagsusuri)

- Kinakailangan kumuha ng HIV test. Hindi maaaring magpasuri lamang para sa ibang sexually transmitted infections (syphilis, chlamydia, hepatitis B).
- Libre at anonymous ang pagsusuri. Ang resulta ng pagsusuri ay direktang ibibigay lamang sa mismong taong nagpasuri; hindi ito ipapaalam sa pamamagitan ng telepono, email, o koreo.
- Kung mayroon kayong lagnat, ubo, o iba pang sintomas sa paghinga, mangyaring huwag munang magpasuri.
- Para sa pinakabagong impormasyon, pakitingnan ang website o makipag-ugnayan sa amin.

| Lugar ng Pagsusuri Address / Telepono | Pinakamalapit na Istasyon | Uri ng Pagsusuri | | Petsa ng Pagbalik ng Resulta | Reservation | Lun | Mar | Miy | Huw | Biy | Sab | Lin |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Kita Ward Office (Health and Welfare Center), 2nd Floor**<br>Telepono 06-6313-9882 | JR Loop Line Temma Station o Osaka Metro Sakaisuji Line Ogimachi Station Exit 2-B | Regular na Pagsusuri | HIV Syphilis Chlamydia | (Tala 1) Karaniwang 1 linggo pagkatapos ng araw ng pagsusuri | Hindi kailangan ng reservation | 9：30 ～ 11：00 | — | 14：00 ～ 15：30 | — | 9：30 ～ 11：00 (Tala 3) May night testing din | — | — |
| **Chuo Ward Office (Health and Welfare Center), 2nd Floor**<br>Telepono 06-6267-9882 | Osaka Metro Sakaisuji / Chuo Line Sakaisuji-Hommachi Station Exit 3 | Regular na Pagsusuri | HIV Syphilis Chlamydia | (Tala 1) Karaniwang 1 linggo pagkatapos ng araw ng pagsusuri | Hindi kailangan ng reservation | — | 9：30 ～ 11：00 | 9：30 ～ 11：00 | 9：30 ～ 11：00 | — | — | — |
| **Yodogawa Ward Office (Health and Welfare Center), 2nd Floor**<br>Telepono 06-6308-9882 | Hankyu Railway Juso Station East Exit | Regular na Pagsusuri | HIV Syphilis Chlamydia | (Tala 1) Karaniwang 1 linggo pagkatapos ng araw ng pagsusuri | Hindi kailangan ng reservation | 14：00 ～ 15：30 | 9：30 ～ 11：00 | — | — | — | — | — |
| **Chuo Ward Office (Health and Welfare Center), 2nd Floor**<br>Telepono 06-6267-9882 | Osaka Metro Sakaisuji / Chuo Line Sakaisuji-Hommachi Station Exit 3 | Same-day Test | HIV lamang | (Tala 2) 2 oras pagkatapos ng pagsusuri | Hindi kailangan ng reservation | — | — | — | — | 14：00 ～ 15：00 (Ginaganap lamang tuwing unang Biyernes ng buwan) | — | — |
| **chot CAST (Chotto Cast) (Osaka Testing, Counseling, Awareness, and Support Center) 1-7-30 Higashi-Shinsaibashi, Chuo-ku 21 Shinsaibashi Building, 4th Floor**<br>**【Mga Katanungan Lugar ng Pagsusuri】 Smart Life Clinic**<br>Telepono 06-4708-5035 (sa oras ng pagsusuri lamang) | Osaka Metro Midosuji Line Shinsaibashi Station Exit 5 o 6, o Osaka Metro Sakaisuji Line Nagahoribashi Station Exit 7 | Regular na Pagsusuri | HIV Syphilis Hepatitis B | Karaniwang 1 linggo pagkatapos ng araw ng pagsusuri | Hindi kailangan ng reservation | — | 18：00 ～ 19：50 【Unang 50 katao lamang】 | — | — | — | — | — |
| | | Same-day Test | HIV Syphilis Hepatitis B | (Tala 2) 1–2 oras pagkatapos ng pagsusuri | (Tala 4) Kailangang reservation | — | — | — | 18：00 ～ 19：30 | — | 14：00 ～ 15：30 | 14：00 ～ 15：30 (Tala 5) May pagsusuri na may interpreter |

## ★Mga Paalala sa Pagkuha ng Resulta

**(Tala 1)** Kapag may holiday, Golden Week, o year-end/new year holiday, maaaring umabot ng mahigit isang linggo bago maibigay ang resulta.

**(Tala 2)** Kapag ang resulta ng same-day test ay "kailangang kumpirmahin," ang resulta ng confirmatory test ay ibibigay sa itinakdang araw makalipas ang humigit-kumulang isang linggo.

## ★ Mga Paalala Tungkol sa Araw ng Pagsusuri

Kung ang araw ng pagsusuri ay tumapat sa holiday o o year-end/new year holiday, walang pagsusuring isasagawa.

## ★ Kapag itinigil o tinapos ng mga ward office ang pagsusuri

Walang ititakdang limitasyon sa bilang ng mga taong maaaring magpasuri upang mas maraming tao ang makinabang. Gayunpaman, kung biglang dumami ang mga tao, masyadong lumampas sa inaasahang bilang ng mga magpapasuri, o kung magkaroon ng sakuna at hindi ligtas magsagawa ng pagsusuri, maaaring pansamantalang ihinto o tapusin ang pagtanggap nang walang paunang abiso.

## ★ (Tala 3) Kita Ward Night Testing (Ikalimang Biyernes ng buwan) <Unang 100 katao lamang>

Mga petsa ng pagsusuri: Mayo 29, Hulyo 31, Oktubre 30, 2026; Enero 29, 2027 18:00–19:30

Lugar: Kita Ward Health and Welfare Center, 1st Floor

＊ Ang resulta ay ibibigay pagkalipas ng isang linggo sa parehong oras.



U（ゆー）ちゃん

★（Tala 4）chot CAST　Reservation
**Same-day testing tuwing Huwebes, Sabado, at Linggo**
Ang reservation ay ginagawa sa “HIV Test Reservation Website” ng Smart Life Clinic.
Maaaring magpareserba mula dalawang linggo bago ang araw ng pagsusuri hanggang sa araw bago sa araw ng pagsusuri.
(Halimbawa: Para sa pagsusuri sa Abril 16 (Huwebes), maaaring magpareserba mula Abril 3, 12:00 AM hanggang Abril 15, 11:59 PM.)

**chot CAST Reservation**
ＨＩＶTest Reservation Website
Smart Life Clinic

★（Tala 5）chot CAST　Reservation　**"Same-day test na may interpreter" para sa mga hindi o hirap magsalita ng Japanese,（Kailanganmagpareserba）**
Araw ng pagsusuri　：Isang Linggo kada-buwan　14:00–15:30
Mga petsa: Abril 5, Mayo 10, Hunyo 7, Hulyo 5, Agosto 2, Setyembre 6, Oktubre 4, Nobyembre 1, Disyembre 6, Enero 10, Pebrero 7, Marso 7
Mga wikang available：Chinese, Vietnamese
Ang reservation ay ginagawa sa “HIV Test Reservation Website.” Kung nahihirapan kayong gumamit ng reservation site, maaari kayong tumawag sa “AIDS Telephone Counseling in Foreign Languages” (tingnan ang Q4 sa likod).
詳細 WEB：http://www.smartlifeclinic.com/

# Q&A tungkol sa Pagsusuri

## Q１：Paano ginagawa ang pagsusuri?

・Ang HIV, syphilis, at hepatitis B ay sinusuri sa pamamagitan ng blood test (walang food restriction).
・Ang chlamydia ay sinusuri sa pamamagitan ng urine test.
Mas tumataas ang accuracy kung mas matagal mula sa huling pag-ihi (humigit-kumulang 1 oras).

## Q２：Kailan dapat magpasuri?

Sa unang yugto ng STI infection, may tinatawag na “window period” kung kailan maaaring hindi pa sigurado ang resulta ng test. Nagkakaiba-iba ito bawat tao.
Mangyaring tandaan na mula sa posibleng pagkakataon ng pagkahawa hanggang sa mga sumusunod na panahon ay itinuturing na “window period.”
Kahit maaga kayong magpasuri, inirerekomenda pa rin ang muling pagsusuri para makumpirma ang resulta.
・ＨＩＶ：humigit-kumulang 4–8 linggo (Kung lagpas 3 buwan mula sa posibleng exposure, maaari nang makumpirma ang diagnosis.)
※Ang mga umiinom ng PrEP ((gamot na iniinom bago ma-expose upang maiwasan ang HIV) ay kailangan regular na magpasuri.
・Syphilis:　[Regular test] humigit-kumulang 4 na linggo, [Same-day test]　humigit-kumulang 12 linggo
・Chlamydia: humigit-kumulang 3 araw–3 linggo
・Hepatitis B: humigit-kumulang 3 buwan


びっぴぃ

## Q3：Ano ang dapat gawin kung may sintomas?　(Kung hinihinalang may STI)

Kung may sintomas, huwag muna magpasuri — magpatingin sa doktor.
Mga department na maaaring konsultahan: Urology (lalaki), Gynecology (babae), Dermatology, STD Clinic
Maaaring maghanap ng klinika o ospital sa Osaka Prefecture sa Medical Information Net (Navii).
Para sa mga sintomas ng STI, pakitingnan ang website ng Osaka City.

## Q４：Gusto kong kumonsulta!

【AIDS Telephone Counseling sa Iba’t ibang Wika】★
(kasama ang LINE　consultation)
NPO Corporation CHARM
Telepono：06-6354-5901
Martes: English / Spanish / Portuguese
Miyerkules: Chinese
Huwebes: English
※16:00–20:00
(Maliban mula Disyembre 28 hanggang Enero 4)

[AIDS Consultation sa Espesyalista]
Hindi kailangan ng reservation
・Kita Ward Health and Welfare Center
Unang at ikatlong Miyerkules
14:00–16:00

・Chuo Ward Health and Welfare Center
Unang at ikatlong Huwebes
9:30–11:30

[Consultation kasama ang Public Health Nurse]
・Osaka City Public Health Center
・Health and Welfare Center ng Bawat Ward

(HP ng Osaka City)

【Contact: Osaka City Public Health Center Infectious Disease Control Division　06－6647－0656】